
# ESPESYAL NA PRIMARYANG ELEKSYON
# IKAAPAT NA SUPERVISORIAL NA DISTRITO
# IKA-15 NG AGOSTO, 2023




## BOSES MO. BOTO MO!

Ang espesyal na primarying eleksyon na ito ay upang punan ang bakanteng puwesto sa Ikaapat na Supervisorial na Distrito ng County para sa natitirang kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero ng 2027. Tanging ang mga botante lamang na naninirahan sa Ikaapat na Supervisorial na Distrito ang siyang karapat-dapat na lumahok sa eleksyon.

Ang bawat aktibong rehistradong botante na naninirahan sa Ikaapat na Supervisorial na Distrito ay makakatanggap ng isang balota sa koreo **sa linggo ng Ika-16 ng Hulyo** para sa espesyal ng primaryang eleksyon na ito.

**Narito ang inyong mga opsyon sa pagboto:**

- Maaari ninyong kumpletuhin ang inyong balota sa ginhawa ng inyong tahanan at ibalik ito sa pamamagitan ng U.S. Postal Service. Ang inyong pirma ay kinakailangan upang mabilang ang inyong boto!
- **Simula Martes, Ika-18 ng Hulyo,** kayo ay magkakaraoon ng karagdagang opsyon na ihulog ang inyong balota sa isa sa 27 opisyal na mga ballot drop box na matatagpuan sa buong ikaapat na distrito.
- Kung mas nais ninyong bumoto nang personal, ang opsyon na iyon ay available rin. Iwasan ang mahahabang pila sa pamamagitan ng pagsasamantala ng maagang pagboto nang personal!
    - **Simula Sabado, Ika-5 ng Agosto,** pitong mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa huling araw ng pagboto sa Martes, Ika-15 ng Agosto, kung saan labing-apat na mga vote center ang magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

COUNTY NG SAN DIEGO

SDVOTE